

ng pagsubok.

Paalala

Sa paggamit ng STK, tiyaking sumangguni sa mga "field o' soils laboratory technicians". Maaaring may iba pang problema ang lupa sa inyong bukid at kailangan ang ibang

SOIL TEST KIT (STK)



Produced by the:
TRAINING AND INFORMATION
DISSEMINATION SERVICES (TIDS)
Bureau of Soils and Water Management
Soils Research and Development Center
Elliptical Road corner Visayas Avenue,
Diliman, QC
Telephone 933-0454 / 923-0433
Fax: (02) 920-4318



Department of Agriculture
BUREAU OF SOILS AND WATER
MANAGEMENT



Laban sa Kahirapan

Soil Test Kit

Isang kapaki-pakinabang na Gamit ng mga Magsasaka

Ang Soil Test Kit (STK) ay nagtataglay ng mga sangkap na inihanda ng Bureau of Soils and Water Management (BSWM) para magamit ng mga "field technicians" at mga magsasaka upang pag-aralan ang mga "soil Sample" sa bukid. Sa pamamagitan ng kagamitang ito, higit na madaling malaman ang taglay na sustansys at problema ng lupa batay sa kulay na maaaring lumitaw sa "soil



sample" na nasa "test tube".

Mga Kapakinabangan sa paggamit ng STK

1. Ito'y madaling dalhin, mabisa at matipid gamitin ng mga magsasaka. Ang pagsusuri ng lupa ay maaaring maisagawa sa lupa na mismong sinasaka.
2. Inaalam nito ang katabaan ng lupa sa bukid mismo at ipinaalam kaagad nito sa mga magsasaka ang kabatiran kung ang lupang taniman ay may sapat na nitroheno, posporo o' potasyo.
3. Inaalam din nito ang pH ng lupa o' ang taglay na asido at alkalin ng lupa.
4. Sa pamamagitan ng maayos na paggamit ng STK, malalaman ng mga teknisyen at ng mga magsasaka ang mga kailangang pataba na angkop sa mga natatanging halamang tanim sa

isang bukid.

Saan maaaring makakuha ng STK?

Maaaring makakuha ng STK mula sa Bureau of Soils and Water Management Laboratory Central Office na matatagpuan sa Elliptical road, corner Visayas avenue, Diliman, Quezon City at mula sa mga laboratoryong panglupa ng mga tanggapang pangrehiyon ng Department of Agriculture. Ipinagbibili ang STK sa abot-kayang halaga. Ang STK ay may kalakip na paliwanag ukol sa paraan ng paggamit ng mga sangkap kemikal sa "soil sample". Isinasaad din dito ang tamang pagpaliwanag ng mga resulta

